

Kailangan ng Sanggol...



best start
meilleur départ

by/par health **nexus** santé



Kailangan ng Sanggol...

Kailangan ng iyong anak ang matinding pag-aalagaga. Maging ang maliliit na bagay na ginagawa mo sa iyong anak ay makaaapekto sa kanyang paglaki.

Tandaan, na kahit na napakabata ng iyong sanggol ay marami siyang pangangailangan at dito makakatulong ang “Kailangan ng Sanggol...”



Kailangan ng sanggol... ang Pag-aaruga

Ang iyong anak ay nangangailangan ng pag-aaruga lalo na kapag siya ay may sakit, pagod o kaya ay sinusumpong lang. Kapag umiiyak ang sanggol ay ipinadadama niya na kailangan niya kayo. Kargahin at yapusin ang inyong sanggol at aliwin sa pamamagitan ng mapagmahal na pangungusap. Hindi ito magpapalayaw sa kanya. Kahit na hindi siya huminto sa pag-iyak kaagad mahalaga na maipadama mo sa kaniya na narinig mo siya, na ikaw ay naririyang palagi sa panahon na kailangan ka niya at na siya ay mahal mo. Sa gayon, magkakaroon siya ng damdamin ng katiwasayan at pagtitiwala.



Kailangan ng sanggol... ang laro

Sa pamamagitan ng laro ang iyong sanggol ay natututo. Natutuklasan nila ang mga bagay-bagay sa kanilang kapaligiran at gayundin sa kanilang katawan. Hindi na kailangan bilhin a ng mga laruan na makikita sa mga magazines at TV kundi ang simpleng laruan ay karaniwan ng makapagbibigay kasiyahan. Ang mga plastik na gamit, kalderong laruan at kutsarang yari sa kahoy ay nakaaaliw na sa mga sanggol. Gayundin, ang larong “bulagaan” at larong may kantahan “Eensy weensy spider” ay tunay na nakaaaliw sa mga magulang at mga anak. Maari din kayong sumali sa mga programa sa inyong komunidad para sa mga sanggol.



Kailangan ng sanggol... na basahan siya

Mas mainam na simulan ang pagbabasa o pagkukwento sa mga bata kahit sila ay kasisilang lamang. Dapat kasama sa rutina ng sanggol ang basahan siya ng mga aklat, pagpapakita ng mga larawan bago ito matulog sa gabi o maari rin itong gawin anumang oras sa buong araw. Ang maagang pagbabasa ay nagpapangyari na maihanda ang utak ng mga kapapanganak na sanggol na maging pamilyar sa mga salita at pangungusap! Natutuwa rin ang mga sanggol na hipuin ang mga aklat na may nakapupukaw na larawan.



Kailangan ng sanggol... na awitan siya

Ang pagkanta ng awiting pambata sa bahay maging sa sasakyan lalo na kapag may aksyon ay gusto ng isang sanggol! Hindi mo kailangan umawit ng nasa tono sapagkat gustong- gusto nilang marinig ang tunog ng iyong boses. Maraming mga aklat ng tula at awit para sa sanggol at bata, karamihan ay alam na natin mula sa pagkabata. Magtanong din sa ibang mga magulang ng kanilang paboritong awiting pambata, manghiram ng Cds sa library o pag-katha ng sariling awit.



Kailangan ng sanggol... na matutong magsalita

Ang mga sanggol ay natututo ng mga tunog, salita at pangugusap mula sa usapang napapakinggan nila. Ipaliwanag sa iyong anak ang lahat ng iyong ginagawa:

- “Si nanay ay nagbabalat ng patatas.”
- “Si tatay ay nagpapalit ng lampin mo para maging malinis ka.”
- “O siya, narito sina tito at tita para bumisita!”
- “Habulin mo ang bola,” at marami pang iba.

Kapag namimili sabihin sa iyong anak ang mga bagay na nakikita niyo. Sa pamamagitan nito maihahanda mo siya sa isang magandang kinabukasan. At ang maagang pagsasalita ay batayan ng tagumpay sa paaralan!



Kailangan ng sanggol... na matuto ng iyong wika

Ang mga sanggol ay may kakayahang matuto ng dalawang wika simula sa kapanganakan. Ang pagkatuto ng dalawa o higit pang wika ay hindi lamang isang kakayahang magagamit sa kanilang paglaki, kundi nagsisilbing koneksyon sa kanilang pamilya, sariling kultura at ibang kultura. Karaniwan ng pagsamahin ng isang sanggol ang dalawang wika sa pasimula. Ngunit sa kalaunan, sila ay nagiging bihasa sa bawat wikang natutuhan nila. Mahalaga ay ang paglalaan ng patuloy na pagkakataon na matuto sa mga wikang ito. Narito ang ilang mungkahi upang matulungan ang iyong anak sa paggamit ng dalawang wika sa pang-araw-araw na buhay:

- Bumisita sa isang lokal na library at manghiram ng mga aklat o Cds sa sariling wika. Sabay basahin o pakinggan kasama ng inyong anak.
- Makilahok sa mga kaganapan o programa sa inyong komunidad na nagtatanghal ng katutubong wika at sariling kultura. Ang Ontario Early Years Centres at Family Resource Centres ay naglalaan ng mga aklat sa maraming wika at pagkakataon na magkaroon ng kakilala na may parehong lahi at salita.
- Sumali sa mga grupo na kabilang sa iyong kultura o maaring magpasimula ng sariling grupo.

Tandaan, na mas mabilis ang pagsulong ng bata kapag matuto siyang magsalita, umawit, bumasa at makipaglaro sa wikang katutubo ng kanyang magulang. Sa ganitong paraan, matutulungan mo ang iyong anak na maipagmalaki ang sariling wika at kultura na kanyang pinagmulan.



Kailangan ng sanggol... na siya ay pangalagaan

- Siguraduhin ang kaligtasan ng iyong sanggol sa pamamagitan ng pagbabantay sa kanya at pagtago ng mga bagay na makapipinsala sa kanya. Turuan siya ng mga salitang “Tumigil ka” “Mainit yan”, “Humawak sa kamay ni tatay”.
- Pangangalaga sa gawaing pang-araw-araw:
 - Bago kumain ugaliin ang paghuhugas ng iyong kamay at ng iyong anak
 - Siguraduhin na ang bata ay nakasinturong pangkaligtasan kapag bumibiyaha
 - Isabay sa pagkain ang sanggol, ito ay kaaya-ayang pagkakataon para sa sanggol at buong pamilya.
 - Kung may pagkakataon, palaging ipasyal ang sanggol sa labas.
 - Huwag manigarilyo o hayaan ang iba na manigarilyo sa tabi ng sanggol.
- Pag-usapan ang kalusugan ng iyong sanggol kasama ng isang lokal na nars, doctor o parmasyotiko. Sila ay makapagbibigay ng naaangkop na payo.

Higit sa lahat huwag kalimutan na kailangan ka ng iyong anak sa lahat ng pagkakataon. Ang bawat bata ay may iba't-ibang antas ng pagsulong na kailangan mong tutukan upang matugunan mo ang lahat ng kanyang pangangailangan.

Kailangan ng sanggol ang mga magulang na nagmamahal sa kaniya!

Para sa iba pang impormasyon:

Ontario Early Years Centres
www.gov.on.ca/children/oeyc

Programa para sa Malusog na Sanggol Malusog na Bata

Isang programa ng pag-iingat at interbensyon
makukuha sa lahat ng Ontario public health units

(INFOline) 1-866-532-3161

www.gov.on.ca/children/english/programs/beststart/health/index.html

Programa sa Pagsasalita at Wika bago pumasok sa paaralan

www.gov.on.ca/children/english/programs/beststart/speech/index.html

best start
meilleur départ

by/par health **nexus** santé

Best Start: Ontario's maternal, Newborn and Early Child Development Resource centre
www.Beststart.org

Health Nexus, 180 Dundas Street W., Suite 301, Toronto, ON M5G 1Z8
1-800-397-9567 • www.healthnexus.ca

Ang dokumentong ito ay nabuo sa pamamagitan ng pondo mula sa Pamahalaan ng Ontario.



Citizenship and Immigration Canada Citoyenneté et Immigration Canada

*Ang halaga ng paghalaw, pagsalin at pag-imprenta ay sinuportahan ng
Pamahalaan ng Canada sa pamamagitan ng Citizenship and Immigration Canada.*